

Filipino translation of the SAICM statement. By - Manny C. Calonzo

NAGKAKAISANG GLOBAL NA PAHAYAG NG MGA NGO/CSO SA
ISTRATIHKONG PAMAMARAAN
SA PANDAIDIGANG PANGANGASIWA NG MGA KEMIKAL (SAICM)

Bilang pagkilala na "mga batayang pagbabago ang kinakailangan sa pamamaraan ng mga lipunan na mapangasiwaan ang mga kemikal", ang mga Ministro ng Kalikasan, Ministro ng Kalusugan at iba pang delegado mula sa mahigit 100 pamahalaan kasama ang mga kinatawan ng lipunang sibil at pribadong sektor ay nagdeklara sa Dubai noong Pebrero 6, 2006, na "ang kapaligiran sa buong daigdig ay patuloy na nahihirapan sa kontaminasyon ng hangin, tubig at lupa, na sumisira sa kalusugan at kagalingan ng milyong karamihan". Nagtaguyod sila ng "Istratihikong Pamamaraan sa Pandaigdigang Pangangasiwa ng mga Kemikal" (SAICM), isang global na balakin ng pagkilos na ang inilalahad na layunin ay: "upang makamit ang mainam na pangangasiwa ng mga kemikal sa buong ikot-buhay nito nang sa gayon, sa 2020, ang mga kemikal ay gagamitin at lilikhain sa mga pamamaraang magdudulot ng pinakamaliit na pinsala sa kalusugan ng tao at ng kapaligiran."

Ang SAICM ay tumutugon kapwa sa agrikultural at industriyal na mga kemikal; sumasakop sa lahat ng baitang sa ikot-buhay ng kemikal mula sa paggawa, paggamit at pagtatapon; at ibinibilang ang mga kemikal sa mga produkto at sa mga basura.

Kami, _____ (pangalan ng inyong organisasyon), isang samahan ng lipunang sibil, ay sumasali sa global na pagsisikap na ito upang lumikha ng isang hinaharap na ang pagkalantad sa mga mapanirang kemikal ay hindi na pinanggagalingan ng pinsala.

Kami ay nakikiisa sa SAICM:

. Sa pangangailangang kumilos upang "maiwasan ang mapanirang epekto ng mga kemikal sa kalusugan ng mga bata, mga kababaihang nagdadalang-tao, ang mga mamamayang maaaring mag-anak, ang mga may-edad, ang mga mahihirap, mga manggagawa at iba pang bulnerableng grupo at walang kalaban-labang kapaligiran."

. Sa pangangailangang "lapatan ng pangunang pag-iingat" at "magbigay prayoridad sa kunsiderasyon ng paglalapat ng mga pamamaraan ng pag-iwas tulad ng pag-iwas sa polusyon."

. Sa pangangailangang matugunan ang "kawalan ng kapasidad sa pangangasiwa ng mga kemikal sa mga umuunlad na bansa at mga bansang nagbabagong-bihis ang eknomya, pagkagumon sa pestesidyo sa agrikultura, pagkalantad ng mga

manggagawa sa mga mapanirang kemikal at ang pagkabahala sa pangmatagalang epekto ng mga kemikal kapwa sa kalusugan ng tao at ng kapaligiran."

. Kabilang ang panininindigan na "mapalaganap at itaguyod ang pag-unlad at pagsasakaturaparan ng, at ibayong inobasyon sa, malusog at ligtas na mga alternatibo, kasama na ang malinis na produksiyon, maalam na pagpapalit ng mga kemikal na partikular na nakababahala at yaong mga di-kemikal na alternatibo.

. Sa pangangailangang magpalaganap ng "sapat na pagsasalin ng mas malinis at mas ligtas na teknolohiya" at kasama ang panawagan upang maging abot-kamay ang kapwa "umiiral at mga bagong pagkukuhanan ng suportang pinansiyal.

. Sa pangangailangang magpalaganap ng "pagtataguyod ng kapasidad, edukasyon at pagsasanay at pagpapalitan ng impormasyon hinggil sa mainam na pangagasiwa ng mga kemikal para sa lahat ng sangkot."

. Na "ang mainam na pangangasiwa ng mga kemikal ay mahalaga kung makakamit natin ang sustenableng pag-unlad, kasama ang eradikasyon ng kahirapan at sakit, ang pagbuti ng kalusugan ng tao at ng kapaligiran at ang pagpapatingkad at pagtataguyod ng pamantayan ng pamumuhay sa mga bansa sa lahat ng antas ng pag-unlad.

. Kasama ang pangako na "mapalaganap at suportahan ang makahulugan at aktibong partisipasyon ng lahat ng sektor ng lipunang sibil, partikular ang mga kababaihan, mga manggagawa at mahirap na mga komunidad, sa pagsasa-ayos at iba pang proseso ng pagsasagawa ng desisyon na mayroong kaugnayan sa kaligtasan sa kemikal."

. Kasama ang panininindigan na padaliin ang daan tungo sa "impormasyon at kaalaman sa mga kemikal sa buong ikot-buhay nito, kabilang na ang mga panganib na naka-amba sa kalusugan ng tao at ng kapaligiran."

Kami ay nanininindigan sa aming sarili at nananawagan sa lahat ng kinauukulan at sangkot, kasama na ang mga gobyerno, non-governmental organization, ang pribadong sektor, mga intergovernmental organization at iba pa na magkapit-bisig upang maipatupad ang mga patakaran ng SAICM at baguhin ang mga lokal na pagtatasa sa mga kemikal at pangasiwaang batas at mga kalakaran upang makamit ang layuning 2020 sa lahat ng mga bansa.